Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE 2012

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"

Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado




# CNORTE REGIONAL BEST PDRRMC

Napatunayan na pinakamagaling sa rehiyong Bikol ang Provincial Disaster Risk Reduction Management Council ng Camarines Norte na pinamumunuan ni Gob. Edgardo A. Tallado matapos na tanghalin itong BEST PDRRMC sa isinagawang 2012 Regional Gawad Kalasag Award for the Search for Excellence in Disaster Risk Reduction Management and Human Assistance.

Ang tropeo ng GAWAd KALASAG at pabuyang halagang P50,000 na base sa kalatas ng NDRRMC (National Disaster Risk Reduction Management Council) ay gugulin sa mga gawain ng LDRRMC na may kaugnayan sa DRRM ay ipinagkaloob sa Camarines Norte. Bilang regional winner, ang PDRRMC ng Camarines Norte ay kalahok na bilang panlaban ng rehiyon 5 sa national search para sa Gawad Kalasag.

Si Dr. Carlos Galvez, ang hepe ng tanggapan ng PDRRMO na siyang nangangasiwa ng implementasyon ng mga programa at proyekto ng pamahalaang panlalawigan ukol sa kahandaan at pagtugon sa disaster ang dumalo sa awarding ceremony noong Setyembre 26, 2012 sa Legazpi City Albay. Ang SANAYANG PANGKALIGTASAN, isang P1.5M gusaling proyekto ng pamahalaang panlalawigan ay kinilala din bilang kauna-unahan sa rehiyon bikol at kauna-unahan din sa bansa bilang First LGU Training Institute. Matatagpuan din sa Sanayang Pangkaligtasan na matatagpuan sa Mat-I, Vinzons ang provincial disaster operation center ay na 24 oras ang operasyon.

Sa ilalim ng pamamuno ni Gob. Tallado, ang pamahalaang panlalawigan ay may P11.2 M na pondo para sa emergency response at P24M para sa disaster risk reduction management. Naitatag ang panlalawigang tanggapan ng DRRM sa bisa ng isang ordinansa ng sangguniang panlalawigan. Nagsimula ang tanggapang ito noong 2011 sa ilalim ng pamumuno ni Dr. Galvez na isang multi-awarded deputized civil defense coordinator ng bansa.

Ang mga katangi-tanging hakbang at gawain ng PDDRMC/PDRRMO ay ang pagsasagawa ng plano ukol sa climate change adaptation; hazard profiling and risk assessment paglalagay ng rapelling tower; installation ng EWS; construction ng mga DRRM projects/evacuation centers sa ibat'-ibang barangay sa

(Sundan sa pahina 5)

## Nilalaman

P26.6M sa pailaw ng 36 na sitios siniguro ng NEA - 2
Oratorical at Essay Wrtiting Contest para kay WQV - 3
Charcoal Painting ni Bintao - 3
Mensahe ni Gob. Tallado sa Civil Service Month - 4
KKK Tungo sa Lunting Camarines Norte - 6
Mahogany Seedling ubos sa tree planting - 6
Makabagong teknolohiya sa produksyon ng palay - 6
May ka"peace"tahan sa caravan - 7
Pledge of Peace - 7
Serye sa pagsasanay sa kawani - 7
Civil Service Month - 8
PDRRM, PGPENRO atbp kinilala - 8
Peace Month - 8

# Partial funding para sa Cory Aquino Blvd, dumating na ayon kay Gob. Tallado

Dumating na ang pondong nagkakahalaga ng P220M para sa konstruksyon ng Cory Aquino Boulevard na magdudugtong sa bayan ng Mercedes, Daet, Talisay at Vinzons sa kahabaan ng Bagasbas Boulevard. Ito ang magandang balita ni Gob. Edgardo A. Tallado na kanyang ipinabatid sa pulong ng Provincial Development Council, nitong nakaraang Setyembre 19, 2012 sa SP Session Hall.

May nauna ng P40M na dumating na pondo kaya sa kabuuan, ang proyekto ay may kasalukuyang pondong P260 M na pasisimulan ni Gob. Tallado sa susunod na buwan ng Oktubre. Inaasahan pa ang pagdating ng kakulangang pondo para maisagawa ang kabuuan ng Construction of Cory Aquino Boulevard na kinapapalooban ng: Talisay Section 3.480km (P50M); Bagasbas section .710 lm; Mercedes section 2.785 km; at Construction of Cory Aquino Bridge 1- Talisay section 150 lm at Bridge 2- Mercedes section 150 lm.

(Sundan sa pahina 3)




Tourism Road Projects of Gov. Edgardo A. Tallado under DOT-DPWH Convergence Program for Enhancing Tourism Access approved by Regional Development Council

# P26.6 milyon sa pailaw ng 36 na sitios siniguro ng NEA

Sa liham na may petsang Setyembre 6, 2012, sinabi ni Administrator Edita S. Bueno ng National Electrification Administration (NEA) na ang kahilingan ni Gob. Edgardo A. Tallado na pagpapailaw ng mga sitio sa lalawigan ng Camarines Norte ay kasama na sa programa para sa 2012 SEP batch 2.

Ito ay may laang pondong P26.66 milyon na ayon pa sa liham ay kaagad pasisimulan ang proyekto kapag ang pondo ay natanggap na ng NEA. Mapapailawan nito ang 36 sitio o lugar sa iba't-ibang barangay sa sampung (10) bayan sa Camarines Norte.

Sa naunang liham ni NEA Administrator Bueno kay Gov. Tallado noong Hulyo 3, 2012, sinabi niya na ang mga lugar na isinumite ni Gob. Tallado ay dumaan na sa ebalwasyon ng NEA. Kalakip sa sulat ang listahan ng mga sitio base sa na rin sa isinumiteng listahan ni Gob. Tallado at ng CANORECO

Nakakalulugod na sinabi niya na sila ay maglalaan ng mas marami pondo para sa Camarines Norte hanggang sa kaya ng kanilang subsidy budget upang mapadali ang implementasyon ng pagpapailaw sa mga rural na pamayanan ng Camarines Norte

Matatandaang ang Camarines Norte Electric Cooperative ay nagpasa ng isang Resolusyon na kinilala nilang AMA NG ELEKTRIPIKASYON NG MGA SITIO si Gob. Tallado dahil sa prioridad niya na mapailawan ang lahat ng sitio/purok sa Camarines Norte. Sa loob ng kanyang unang termino ay nakapaglaan na siya ng milyong pondo para sa sitio/purok electrification sa ilalim ng 20 % development fund ng pamahalaang panlalawigan. Sa kanyang pakikipagugnayan sa NEA ay nakalap din niya ang mga nabanggit na pondo sa balitang ito. *JAC/ica*

## MGA LUGAR NA PAIILAWAN AT MAY PONDO NA SA ILALIM NG 2012 SEP BATCH 2

| | |
|---|---|
| LABO— | |
| 1. Purok 3 to Patag (Tigbinan) | 5,559,659 |
| 2. Purok 7 Patag (Cabatuhan) | |
| 3. Purok 5 (Masalong), | 1,330,071 |
| 4. Socialized Homelots (Cabusay) | 664,581 |
| 5. Asida (Mabilo 2), | 294,145 |
| 6. Purok 1 (Bulhao) | 207,801 |
| 7. Purok 3 Lumen Corp (Mabilo 2) | 258,627 |
| 8. Purok 4 (Mabilo 2) | 341,944 |
| 9. Purok 5 (Macogon) | 215,348 |
| 10. Purok 2 (Bagong Silang 3) | 1,992,240 |
| 11. Purok 4 (Bagong Silang 3) | |
| PARACALE | |
| 1. Sitio Ilogan (Batobalani) | 2,405,711 |
| 2. Sitio Iyawan (Batobalani) | |
| 3. Guyaman (Tawig) | 612,971 |
| 4. Purok 1 (Pinagbirayan Munti) | 892,890 |
| 5. Purok 2 (Mangkasay) | 845,984 |
| JOSE PANGANIBAN | |
| 1. Purok 2 (Calero) | 210,118 |
| 2. San Antonio (Luklukan Norte | 366,453 |
| STA. ELENA | |
| 1. Sitio Batungal (Rizal) | 407,762 |
| BASUD | |
| 1. Socialized Housing (Pob 1) | 1,005,969 |
| 2. Purok 5 (Taisan) | 1,231,016 |
| MERCEDES | |
| 1. Manguisoc-Purok 6 (Mabungalon) | 1,905408 |
| 2. PSan Vicente– 1 ( Matoogtoog) | 181,017 |
| 3. Purok 2 (Catandunganon) | 225475 |
| 4. Purok 4 (Del Rosario) | 267,052 |
| 5. Purok 4 (Gaboc) | 286,703 |
| 6. Sitio Mambolo (Manguisoc) | 1,779,424 |
| 7. Purok 1 (Matoogtoog) | 180,508 |
| 8. Sitio Magaras (Hamoraon) | 227,562 |
| SAN LORENZO RUIZ | 311,578 |
| 1. Purok 5 (Mampurog) | |
| SAN VICENTE | 1,048,613 |
| 1. Core Shelter (Calabagas) | 698,416 |
| 2. Gawad Kalinga (San Jose) | |
| TALISAY | 293,817 |
| 1. Purok 5 (Sa Nicolas) | |
| 2. Purok 2 (San Nicolas) | |
| VINZONS | |
| 1. Purok 1 (Sabang) | 408,458 |
| 2. Purok 2 (Sabang) | |
| TOTAL | P26,660,344.28 |

| Sitios/Puroks | Barangay |
|---|---|
| Socialized Housing | Poblacion 1, Basud |
| Purok 5 | Taisan, Basud |
| P-7 | Calabaca, Capalonga |
| Purok 3 | Lidong, Basud |
| Danao | Catabagwangan, Capalonga |
| Purok 2 | Calero, Jose Panganiban |
| San Antonio | Luklukan Norte ,Jose Panganiban |
| P-1 San Vicente | Brgy. Matoogtoog, Mercedes |
| Purok 2 at Purok 4 | Bagong Silang-3, Labo |
| P-2 | Brgy. Catandunganon, Mercedes |
| P-4 | Brgy. Del Rosario, Mercedes |
| P-4 Sitio Mambani | Brgy Cayucyucan, Mercedes |
| P-4 | Gaboc Mercedes |
| P-6 Sitio Mambolo | Manguisoc, Mercedes |
| Guyaman | Tawig, Paracale |
| P-1 | Pinagbirayan Munti, Paracale |
| P-1 | Brgy. Matoogtoog, Mercedes |
| Sitio Magaras | Hamoraon, Mercedes |
| P-2 at P-3 | Malaguit, Paracale |
| Purok 2 | Mangkasay, Paracale |
| P-5 | Mampurog, San Lorenzo Ruiz |

**Ang listahan na ito ay isinumite rin sa NEA**

## LISTAHAN NG MGA SITIO AT LUGAR NA ISINUMITE NI GOB. EDGARDO A. TALLADO SA NEA AT DUMAAN NA SA EBALWASYON

| Project Description | Location |
|---|---|
| Single Phase Lateral Line Section | P-5, Del Rosario, Mercedes |
| Open Secondary Line Sect (Duplex) | P-3, Iberica Labo |
| Open Secondary Line Extension | P-4, Manlubas, Dogongan,Daet |
| Extension of Open Secondary Line | Brgy. Site, Brgy. Malatap, Labo |
| Open Secondary Line Extension | P-2, Maisog,San Lorenzo Ruiz |
| Open Secondary Line Extension | Madi St./Calle Trece De Mayo, Brgy. VI, Daet |
| Extension of Open Secondary Line | Resettlement Area, P-2, Sta. Cruz Labo |
| Separate Secondary Line Extension | P-3, San Francisco, Talisay |
| Single Phase Lateral Line Section | P-1, Caawigan, Talisay |
| Single Phase Lateral Line | P-2, Brgy. Site, Sta. Elena Talisay |
| Extension of Secondary Line | P-2, Brgy. Calero, Jose Panganiban |
| Single Phase Lateral Line Section | Sitio Catarog, Brgy. Angas, Basud |
| Separate Secondary Line Section | P-6, Brgy. San Jose, Talisay |
| Separate Open Secondary Line Section | P-2, Brgy. Gabon, Talisay |
| Separate Secondary Line Section | P-3, Sta. Elena, Talisay |
| Open Secondary Line Extension | P-2, Caawigan, Talisay |
| Single Phase Lateral Line Section | P-2, Villa Carmen, Sta. Elena |
| Single Phase Lateral Line Section | P-1 and P-2, Sabang, Vinzons |
| Single Phase Lateral Line Extension | P-1, Brgy. Pinagbirayan Munti, Paracale |
| Secondary Line Extension | P-6, Dalas, Labo |
| Extension of Open Secondary | P-5,Calangcawan Sur, Vinzons |
| Single Phase Lateral Line Section | P-5,Macogon,Labo |
| Separate Secondary Line Section | P-5,Calangcawan Sur, Vinzons |
| Separate Secondary Line Extension | P-1, Mocong, Basud |
| Open Secondary Line Section | P-5, Pambuhan, Mercedes |
| Open Secondary Line Section | P-5, Dalas, Labo |
| Construction of Under Built Lines | P-2, Mahawan-Hawan, Labo |
| Single Phase Lateral Line Extension | P-5 And P-6, Dalas, Labo |
| Single Phase Lateral Line Section | P-5, San Antonio, Labo |
| Open Secondary Extension | P-2, Brgy. Makiad, Labo |
| Separate Secondary Line Section | P-6, Masalong, Labo |
| Single Phase Lateral Line | P-2, Sitio Panaligan, Brgy. Masalong, Labo |
| Single Phase Lateral Line Section | P-1, Brgy. Dagotdotan, San Lorenzo Ruiz |
| Under Built Extension | P-6, Sitio Calimoog, Alayao, Capalonga |
| Single Phase Lateral Line Extension | P-4, Mactang, Capalonga |
| Single Phase Lateral Line Section | P-3, San Jose, Talisay |
| Single Phase Lateral Line Section | P-4, San Isidro, Daet |
| Single Phase Lateral Line Extension | P-5, Sabang, Vinzons |
| Single Phase Lateral Line | P-6, Brgy. Tulay Na Lupa, Labo |
| Extension of Single Phase Lateral Line | P-5, Masalong, Labo |
| Single Phase Lateral Line Section | Socialized Homelots, Cabusay, Labo |
| Open Secondary Line Section | Asida, Mabilo Ii, Labo |
| Open Secondary Line Extension | P-1, Brgy. Bulhao, Labo |
| Extension of Secondary Line (Duplex) | Villarosa Resettlement, P-4, Malasugui, Labo |
| Extension of Open Secondary Line | P-3, Lumen Corp, Mabilo Ii, Labo |
| Extension of Open Secondary Line | P-4, Brgy. Mabilo Ii, Labo |
| Open Secondary Line Extension | P-5,Macogon,Labo |
| Extension of Open Secondary Line | P-4, Sitio Batungal, Brgy. Rizal, Sta. Elena |
| Single Phase Lateral Line Section | Sitio Itlogan(P-7 And P-8) to Sitio Iyawan, Batobalani,Paracale |
| Single Phase Lateral Line Section | Core Shelter, Brgy. Calabagas, San Vicente |
| Single Phase Lateral Line Section | Alegre Pangarap, Gawad Kalinga, San Vicente |
| Open Secondary Line Extension | P-5, San Jose To P-2, San Nicolas, Talisay |
| Re-routing of Single Phase Lateral Line Section | Brgy. Manguisoc To P-6,Mambungalon,Mercedes |

# Oratorical at Essay Writing Contests para kay Wenceslao Q. Vinzons

"Wenceslao Q. Vinzons: Patuloy na Naghihikayat sa Pagpapakabayani ng Bawat Isa" ang naging tema ng 1-linggong selebrasyon ng ika-102 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Wenceslao Q. Vinzons, Jr. noong 28, 2012 na sinimulan ng *flag raising and awarding ceremonies* sa ganap na ika-8 ng umaga sa *Provincial CapitolGrounds*.

Kabilang sa mga tampok na gawain sa isang linggo ay ang *Essay Writing Contest in English* noong Set. 26 para sa mga *college students* na dito ay nanalo sina Lorie Joy A. Servento ng Micro Systems College Foundation-unang puwesto; Chinica May R. Maigue ng Microsystems College Foundation-ikalawang puwesto at Ma. Catherine A. Ebona ng Camarines Norte College bilang ikatlong puwesto.

Sa *Oratorical Contest* para sa mga *high school students* na idinaos noong Set. 27 ay nagwagi sina Kimberly F. Baluzo ng Camarines Norte National High School-unang puwesto, Van Irish V. del Pena ng Vinzons Pilot High School-ikalawang puwesto at Julie Ann B. Echano ng CNSC Lab.HS Abano Campus-ikatlong puwesto.

Sa pamamagitan nito, muling sinariwa ang naging buhay, kabayanihan at kagitingan ni Vinzons, isa sa mga martir at lokal na bayani ng ating lalawigan na mas kilala sa pamansag na 'Bintao'. Inaasahan na ang ideyalismo at pananaw ni Bintao ay magsisilbing hamon at gabay sa bawat isa sa atin para isulong ang kultura ng kabayanihan at pag-aksyon para sa kapakanan at interes ng mas nakararami nating mga kababayan. Layunin din nito na kilalanin ang katangi-tanging kahusayan ni Bintao bilang isang manunulat at orador na hinangaan ng mga pinakamatataas na opisyal ng bansa at sa ibayong dagat man.

Si Bintao ay naging punong patnugot *(editor-in-chief)* ng *Philippine Collegian*, *official student publication* ng *University of the Philippines (UP)*-Diliman. Sa pagitan ng mga taong 1931-1932, napanalunan ni Bintao ang *Abad Santos Gold Medal for Excellence in Debating*, at naiuwi ang *Gold Medal in Oratory* para sa kanyang piyesa na *Malaysia Irredenta*.

Nakiisa ang mga opisyal at kawani ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan, lokal at nasyonal, sa naturang panlalawigang selebrasyon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



# Charcoal Painting ni BINTAO

Umabot sa 8 indibidwal na may edad 15-24 na taon na lehitimong mga residente ng Camarines Norte ang sumali sa *Charcoal Painting Contest* na isinagawa noong Set. 19 ganap na ika-1:30 sa *Audio-Visual Hall*, *3rd Floor Annex*, *Provincial Capitol*.

Dito ay nanalo ang mga sumusunod: Henry B. Espirito, isang *out-of-school youth* mula sa Labo, Camarines Norte bilang unang gantimpala, Edward M. Ebona ng CNSC, Labo Campus-ikalawang gantimpala at Paolo P. Gerero ng Mabini Colleges bilang ikatlong gantimpala.

Itinaguyod ito ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Governor's Office-Museum, Archives and Shrine Curation Division (GO-MASCD)* bilang bahagi ng panlalawigang selebrasyon dito sa ika-102 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Wenceslao Q. Vinzons, Sr. noong Setyembre 28.

Ang iba pang lumahok sa kumpetisyon ay sina: 1) Francis Jan P. delos Santos ng *Vicente L. Basit Memorial High School (VLBMHS)*; 2) Bryan Auxilio, *Our Lady of Lourdes College Foundation (OLLCF)*; 3) Rubylyn Vergara, *PBO*; 4) Christian Dale Dasco, *Paracale National High School (PNHS)*; 5) Jeric B. Sayno ng *La Consolacion College of Daet (LCCD)*.

Ang ginamit na pamantayan ng lupon ng mga hurado ay ang *concept (mastery of the piece/subject)* na may bigat na 40%, at ang *artistry* at *originality* na may timbang na tig-30% o kabuuang 100%. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***

# Partial funding para sa Cory...

*(Mula sa pahina 1)*

Ang Tourism Road Projects na ito ay isinumite ni Gob Tallado sa Regional Development Council bilang priority project ng Camarines Norte sa ilalim ng DOT-DPWH Convergence Program for Enhancing Tourism Access at masigasig niyang inasikaso upang mapondohan.

"Ito ay "legacy project" ko. Kapag natapos ang proyektong ito, ay magsisimula ang tunay na paglakas ng turismo sa Camarines Norte. Kahit sa pangarap o panaginip, ay mahirap isipin na magkakaroon ito ng katuparan. Ngunit sa maikling panahon ng aking panunungkulan, nagawa po natin na makakuha ng pondo mula sa pamahalaang nasyonal para dito. *May milagro sa Camarines Norte, pagdating sa proyekto*. Ito ang mga pangungusap na binitiwan ni Gob. Tallado sa pagpupulong ng PDC.

Nauna rito ay ibinalita din ni Gob. Tallado na maraming proyekto ang parating tulad ng 300M mula sa PAMANA (Payapa at Masaganang Pamayanan) ng DILG at Office of Presidential Adviser on Peace Process (OPAPP); mahigit kumulang na P300 M para sa Irrigation projects mula sa DAR/DA. Sa 2013 ay isasagawa niya ang pagpapailaw ng lahat sitio/purok na wala pang dumadaloy na kuryente. Ang lahat ng farm to market road ay kanyang ipapakonkreto. "Ayaw ko ng asphalting. Mawala man tayo dito sa lupa, maiiwan natin ang mga konkretong kalsadang ating ipinagawa", sabi pa ni Gob. Tallado.

Sa pagpupulong ng Provincial Development Council ay iniulat ang mga proyekto sa ilalim ng PAMANA na binanggit ni Gob. Tallado at ang iba pang mga proyekto sa ilalim ng 2nd Subsidiary Program & Projects for CY 2012 Annual Investment Program at Supplemental Development Plan for 2012. *jac*

Si Gob. Edgardo A. Tallado sa pagpupulong ng Provincial Development Council sa session hall sa kapitolyo na dito ay ibinalita niya ang pagdating ng pondo para sa Cory Aquino Boulevard na ayon din sa kanya ay kanyang magiging "legacy project".





112th PHILIPPINE CIVIL SERVICE MONTH
SEPTEMBER 1 - 30, 2012

## MENSAHE NI GOB. EDGARDO A. TALLADO SA ANIBERSARYO NG SERBISYO SIBIL

SA PANIMULA NG PAGGUNITA SA ARAW NA ITO NG IKA-ISANDAAN AT LABING-DALAWANG TAON NG SERBISYO SIBIL SA BUWAN NG SEPTYEMBRE NGAYONG TAON, MULI NATING BIBIGYANG PANSIN ANG KAHALAGAHAN NG BAWAT KAWANI NG PAMAHALAAN AT ANG SAMASAMANG PAGLILINGKOD NG TAPAT SA MGA MAMAMAYAN. ANG SELEBRASYON NATIN NGAYONG TAON AY NAGLALAYONG ITAGUYOD, IPAKITA AT IPAGDIWANG ANG KABAYANIHAN O KAGITINGAN NG MGA TUNAY NA LINGKOD BAYAN AT IPAGBIGAY ALAM ANG MGA KWENTO NG SAKRIPISYO AT TAGUMPAY NG MGA KABABAIHANAT KALALAKIHAN SA PAMAHALAAN.

ANG PANAWAGAN NG CIVIL SERVICE COMMISSION TUNGO SA PAGBABAGO O REPORMA SA SISTEMA NG ATING PAGLILINGKOD AY PAGBIBIGAY DIIN SA TUNGKULIN NG ISANG TUNAY NA LINGKOD BAYAN NA SA AKING PALAGAY AY KARUGTUNG PA NG NAKARAANG TEMA NATIN NA CHAMPIONING R.A.C.E. NA ANG IBIG IPAKAHULUGAN AY TUMUTUGON, ABOT-KAMAY, MAGALANG AT EPEKTIBONG PAGLILINGKOD BAYAN.

LABIS ANG AKING KASIYAHAN NA TAYONG LAHAT AY NAGTITIPON SA PAGBUBUKAS NG ATING PAGGUNITA SA CIVIL SERVICE MONTH. NAGKAKAISA TAYO SA LAYUNIN NA PATULOY NA MAGLINGKOD NG BUONG TAPAT AT KAHUSAYAN. MAPALAD TAYO NA KAPILING NATIN NGAYON SI CSC FIELD OFFICEDIRECTOR CECILIA BALMACEDA. NASISIGURO KO NA ANG KANIYANG PAGDALO SA OKASYONG ITO AY MAGSISILBING INSPIRASYON SA ATING LAHAT NA PAIGTINGIN ANG ATING PAGLILINGKOD SA BAYAN.

ANG ISANG BUWAN NATING PAGGUNITA NG CIVIL SERVICE MONTH SA PAMAMAGITAN NG PALIGSAHAN SA LARANGAN NG ISPORTS, PAGSASANAY SA PAGPAPATIBAY NG MGA AHENSYA NG ATING PAMAHALAAN, MGA "OUTREACH ACTIVITIES" AT IBA PA AY PAGPAPATUNAY LAMANG NA KAYA NATING LAHAT NA MAGBIGAY NG PINAKAMAGALING AT PINAKAMATINO NATING PAGLILINGKOD SA ANUMANG LARANGAN. ITO ANG TINATAGURIAN NATING "EXCELLENCE IN SERVICE OR PUBLIC SERVICE AT ITS BEST".

ANG "INTER-AGENCY SPORTSFEST" NA MAGSISIMULA MAMAYA AY PAGBIBIGAY DIIN SA PAGKAKA-ISA NG LAHAT NG MGA KAWANI SA MGA AHENSYA NG ATING PAMAHALAAN. TULAD NG LAHAT NG MANLALARO NA NAGPAPAHALAGA SA KATATAGAN NG BAWAT ISA SA ANU-

(Sundan sa pahina 7)



Atty. Daisy P. Bragais
Asst. Regional Director, CSC Regional Office 5



Provincial Accounting Office



Provincial Treasurer's Office



Marilou E. Dela Cruz
Midwife IV, PHO

<u>*SPECIAL AWARD FOR OUTSTANDING PROVINCIAL GOVERNMENT OFFICES*</u>

**Prov'l.Disaster Risk Reduction Management Office**
**Provincial Assessor's Office**
**Provincial Accounting Office**
**Provincial Treasurer's Office**
**PG-PENRO**

<u>*SPECIAL AWARD for COMMUNITY LEADERSHIP*</u>

**Ms. Marilou E. dela Cruz,** *Midwife IV*

<u>*PROVINCIAL GOVERNMENT RETIREES*</u>

**Ms. Purita P. Briñas,** ***CAO IV***
**Mr. Eusebio M. Laborte,** ***Administrative Aide IV***
**Dr. Milva J. Malaluan,** ***Medical Specialist II***
**Ms. Guia P. Ferrer, Administrative Officer**
**Mr. Ramon G. Balce,** ***Administrative Aide V***
**Mr. Generoso A. Concina, Jr.,** ***Prison Guard II***
**Mr. Oscar P. Bacuño,** ***Administrative Aide I***
**Mr. Angel C. David,** ***Agriculturist II***
**Mr. Bernardo F. Quia,** ***Administrative Aide V***
**Ms. Julita P. Zaño,** ***Administrative Officer IV***

<u>*25- YEARS OF CONTINUOUS SERVICE*</u>

**Mr. Noel N. Oraliza,** ***Security Guard III***
**Mr. Nicanor D. Villaluz, Jr.,** ***Admin. Officer IV***
**Mr. Francisco O. Iligan,** ***Admini. Assistant II***
**Mr. Ramon C. Cootauco,** ***Community Dev't Asst. III***
**Mr. Jorge I. Ibasco,** ***Draftsman III***
**Ms. Nida N. Tosoc,** ***Planning Dev't. Officer IV***
**Ms. Amelia M. Lopez,** ***Planning Dev't. Officer III***
**Mr. Juan T. Gonzales, Jr.,** ***Admin. Aide III***
**Ms. Maribeth R. Malaluan,** ***Prov'l.Budget Officer***
**Ms. Marilyn C. Puatu,** ***Senior Agriculturist***
**Ms. Zenaida L. Garcia,** ***Admin. Assistant II***
**Engr. Samson C. Largo,** ***Engineer IV***
**Engr. Emmanuel B. Bo,** ***Engineer IV***
**Mr. Roger B. Somono,** ***Heavy Equipment Operator II***
**Mr. Edwin M. Pacala,** ***Heavy Equipment Operator II***
**Mr. Ramon R. Pajarillo,** ***Heavy Equipment Operator II***
**Ms. Wilma A. Manumbas,** ***Admin. Aide IV***
**Dr. Fe A. Micor,** ***Medical Specialist II***
**Ms. Ma. Bella A. Abilgos,** ***Nutritionist-Dietician I***
**Ms. Annabelle G. Pesit,** ***Nursing Attendant I***
**Ms. Margarita E. Efericto,** ***Public Health Nurse II***

## PDRRMO, PGPENRO...

*(Mula sa pahina 8)*

naitaas ang koleksiyon ng paglikom ng mga buwis na malaking tulong upang mas maraming serbisyo ang maihatid ng pamahalaan.

Si Marilou E. dela Cruz, Midwife IV ng Provincial Health Office ay tumanggap ng special award for Community Leadership bilang Gawad Agham (Angking Galing at Huwarang Abilidad ng Midwives) Awardee dahil sa kanyang mataas na uri ng serbisyo bilang public health midwife. Ang parangal sa kanya ay iginawad ng Philippine League of Government and Private Midwives at Agham Party List noong May 3, 2012 sa 13th general assembly sa ICC Convention Center, General Santos City. Siya ay tumanggap ng medalya, P10,000 at isang laptop computer.

Samantala, 10 dating kawani ng pamahalang panlalawigan na nagretiro na kamakailan ay pinagkalooban ng sertipiko at halagang pabuya gayundin ang 21 kawani na tuloy-tuloy ang serbisyo sa loob ng 25 taon. (Makikita sa taas ang listahan)

Ang Provincial Human Resource Management Office sa pamumuno ni. Ms. Magdalena B. Toledana ang tagapamahala ng buong pagdiriwang. *JAC*


Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte



**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO** *Governor*

VICE CHAIRMAN:
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Prov'l. Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supvsg Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM

**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,

**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula

**PHOTOGRAPHER** :
Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION** :
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**
**G.O-MASCD** - Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD -** Dario C. Dime
**G.O PCSSD** - PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO-**Gonzalo C. Binay;
**PEO** - Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO** - Marino Abogado
**PLO** - Donna A. Guevarra
**PPDO** - Marilyn P. Asis;
**ProVet** - Samuel O. Villagen;
**PSWDO** - Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO—**Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP** - Josephine Q. Badong

# Pagdiriwang ng ....

(Mula sa pahina 8)
hapon ding iyon ay nagkaroon ng Thanksgiving Mass sa CN Agro Sports Center na pinamunuan ni Rev. Fr. Andrei F. Uy. Matapos ang misa, ay nagbigay mensahe si Dir. Balmaceda at Gob. Edgardo A. Tallado para sa pagbubukas ng isang buwang pagdiriwang sa Camarines Norte ng serbisyo sibil.

Sinundan na kaagad ito ng penlight parade na masiglang nilahukan ni Gob. Tallado kasama ang mga opisyales at kawani ng pamahalaang panlalawigan, national government agencies, local government units, kabilang din ang Kabalikat Daet at iba pang mga samahan.

Sa labindalawang bayan ng Camarines Norte na lumahok sa penlight parade ang bayan ng Jose Panganiban ang pinakamalaking delegasyon.

Sa loob ng isang buwan ay tuloy-tuloy ang *Inter-Agency Sports Competition* at maliban pa dito ay ang mga sumusunod na gawain: Set. 5 - *Healthy Lifestyle Forum*; Set. 7 - *Multi-Services Caravan*; Set. 10 - *CSC Updates and CNCPO Outreach Program*; Set. 11 - *Bloodletting Activity*; Set. 12-13 - *Enhancement Course on Leave Administration (ECLA) Training/ Seminar*; Set. 14 - *Multi-Services Caravan*; Set. 17-20 – *Personnel Selection Board (PSB) Training*; Set. 21 - *Multi-Services Caravan*; Set. 24-25 - *Administrative Discipline Seminar*; Set. 27 – *Tree Planting Activity*.

Ang *Closing and Awarding Ceremonies ay isasagawa sa Oktubre 3, 2012* na dito ay bibigyan pagkilala at parangal ang mga natatanging tanggapan, mga nagretiro sa serbisyo at mga kawani na sa loob ng nakalipas na 25 taon ay tuloy- tuloy ang serbisyo publiko. Ang panalo sa inter agency sports tournament ay tatanggapin din ang kanilang pabuya. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jac***



Gob. Edgardo A. Tallado sa kanyang mensahe sa opening ng Civil Service Month



Board Member Pol Gache sa kanyang mensahe sa closing ng Civil Service Month



Ceremonial Jumpball para sa pagsisimula ng basketball tournament



Healthy Lifestyle Forum




Blood Letting



Ang mga kawani na siyang tumutugon sa general services hindi lamang sa pagdiriwang ng civil service month kundi sa lahat ng okasyon sa kapitolyo

# CNORTE REGIONAL...




ang tsekeng pabuya sa Camarines Norte PDRRMC

(Mula sa pahina 1)
lalawigan at ang programang "B.E.A.T D RRISK" (Building an Environment of Awareness and Trust through Disaster Risk Reduction Initiatives, Safety and Knowledge Management).

Ang Gawad KALASAG na ang kahulugan ay KAlamidad at Sakuna LAbanan SAriling Galing ang Kaligtasan ay isinasagawa taon-taon ng NDRRMC upang bigyang pagkilala ang mga kahanga-hangang mga nagawa ng mga lokal pamahalaan, gayon din ng mga pribado at boluntaryong samahan, mga paaralan, hospital sa pagtugon sa mga gawaing kaugnay ng disaster prevention and mitigation; disaster preparedness; disaster response at disaster recovery and rehabilitation. Ngayong taon, nagsimula ang regional selection noong Hunyo 2012 at desk evaluation at field validation simula Hulyo hanggang Agosto upang piliin ang mga mananalo. ***Jing Arriola Calimlim***



***PROVINCIAL CAPITOL TEAM***
***CHAMPION SA VOLLEYBALL TOURNAMENT***
***NG CIVIL SERVICE MONTH CELEBRATION SA CAM NORTE***




***DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAY***
***CHAMPION SA BASKETBALL TOURNAMENT NG CIVIL***
***SERVICE MONTH CELEBRATION SA CAMARINES NORTE***

# KKK Tungo sa Luntiang Camarines Norte

Ang "Katmon at Kamagong para sa Kapaligiran tungo sa Luntiang Camarines Norte" (KKK Tungo sa Luntiang Camarines Norte) *Program* ay ay isang patimpalak ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *LGU-Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO)*. Layunin nito na makuha ang suporta at partisipasyon ng publiko sa *greening program* ng pamahalaang panlalawigan.

Nakasentro ito sa maramihang pag-iipon ng magandang uri ng buto ng Katmon *(Dillenia Philippinensis)* at Kamagong *(Diospyrus Philippinensis* o *D. Poncei)* na bukas sa lahat ng rehistradong organisasyon/ grupo sa lalawigan.

Nagsisimula na ang pagtanggap nila ng buto ng katmon at kamagong sa kanilang tanggapan hanggang sa susunod na buwan Makakatulong na sila sa rehabilitasyon at pagbabalik-luntian ng lalawigan, may premyo pang P6,000.00 sa pinakamaraming butong madadala; P4,000.00 sa ikalawang puwesto; P2,000.00 sa ikatlong puwesto, at tig-P1,000.00 bilang konsolasyon sa 5 kalahok.

Kwalipikadong makasali sa paligsahan ang mga grupo/organisasyon na makapag-iipon ng dekalidad na buto ng Katmon na hindi bababa sa 0.50 kilo, at hindi bababa sa 2 kilong buto ng Kamagong.

Ang mga maiipong buto ay ipamamahagi naman ng *LGU-PENRO* sa lahat ng mga indibidwal at grupo na interesadong magtanim ng Katmon at Kamagong, mga katutubong uri ng punungkahoy na ang kahalagahan ay nakaligtaan na ng karamihan kaya halos papawala na. Matatandaan din na ang *Diospyrus Philippinensis*, isang uri ng Kamagong sa bansa ay kinikilalang papaubos na, at kamakailan nga ay napasama sa *Red List* ng *International Union for the Conservation of Nature (IUCN)*.

Ang pangunahing dahilan ng KKK Tungo sa Luntiang Camarines Norte *Program*, ay mapanumbalik ang interes ng publiko sa pagtatanim ng Katmon at Kamagong na nakatutulong sa pagpigil sa pagbaha at pagguho ng lupa, pagkakaroon ng sariwa at ligtas na hangin, at iba pa.

Maliban sa mga nabanggit, maaaring gamitin ang Katmon sa paggawa ng *sauce* o *jam*, kendi at iba pang minatamis na pagkain. Ang katas ng katmon kapag hinaluan ng asukal ay makagagamot ng ubo. Ang katas/likido mula sa balat nito ay pwedeng gamitin sa paggawa ng *red dye* habang ang katawan at sanga nito ay maaaring gamitin sa konstruksyon ng bahay, paggawa ng gamit/ kasangkapan sa bahay (furniture/fixtures) at panggatong sa pagluluto.

Katulad ng Katmon, ang Kamagong ay maraming benepisyo sa kapaligiran at kabuhayan man ng mga tao. Ang matingkad na kulay ng kahoy nito ay ginagamit sa paggawa ng mga *export quality furniture*.

Ang gantimpala ng mga mananalo ay igagawad ng pamahalaang panlalawigan sa Oktubre 30 sa loob ng Aral-Kalikasan Contest na isasagawa sa Audio-Visual Room (AVR), 3rd Floor Anex, Provincial Capitol, Daet. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Mahogany seedlings ubos sa Tree Planting



Ang mga kawani ng Prov'l. Human Resource Management Office na punong abala ng Civil Service Month Celebration


Ang mga kawani ng Prov'l. Accounting Office sa kanilang pakikiisa sa Tree Planting sa Sto. Domingo Vinzons


Ang Camarines Norte Water District ay isa sa mga ahensiya na aktibong nakiisa sa tree planting.

Tagumpay ang *tree planting activity* na isinagawa noong Setyembre 27 sa malawag na lupain na nakapaligid sa Sanayang Pangkaligtasan ng Camarines Norte (SPCN) na nasa Sitio Mat-I, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons sa dami ng nakiisa dito bilang bahagi pa rin ng 1-buwang selebrasyon dito ng ika-112 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang, "Kawani, Ikaw ay Isang Lingkod Bayani".

Naubos o naitanim ang humigit-kumulang 3,000 *mahogany seedlings* na ihahanda ng *Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO)* sa pamumuno ni Engr. Leopoldo P.Badiola, *PENR Officer*.

Ang Provincial *General Services Office (PGSO)* at *Provincial Engineer's Office (PEO)* ang nangasiwa sa pagdala ng mga pantanim sa Mat-I, at ang pagbyahe sa mga kalahok patungo sa at pabalik mula sa *planting site. JAC*




# Makabagong teknolohiya sa produksyon ng palay

Isinagawa noong Setyembre 12-15, 2012 ang tatlong araw na pagsasanay sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagpaparami ng produksyon ng palay ng mga magsasaka ng Camarines Norte Seed Growers Multi-Purpose Cooperative.

Ito ay sa pamamagitan ng pagsasanay na "Retooling Course on Rice Seed Production Certification and Quality Control for Seed Growers" na isinasagawa sa Office of the Provincial Agriculturist (OPAg) ng pamahalaang panlalawigan.

Pinangunahan ito ng OPAg sa pakikipagtulungan ng National Seed Quality Control Services (NSQCS) ng Bureau of Plant and Industry (BPI) at Agricultural Training Institute – Regional Training Center (ATI-RTC 5) ng Department of Agriculture.

Sinabi ni Provincial Rice Coordinator and Seed Inspector Cesar R. Miraña, Agricultural Technologist ng OPAg, na layunin ng pagsasanay na magkaroon ng karagdagang kaalaman ang mga magsasaka sa makabagong teknolohiyang gamit sa produksyon ng palay at mapatibay ang samahan ng kooperatiba.

Dagdag pa niya, layunin din nito na maparami o lumaki ang produksyon ng palay at maging maganda ang kalidad ng mga inaani nilang palay na ibinabahagi naman o ibinibenta ng mga magsasaka sa iba't ibang bayan dito sa lalawigan.


Sa unang araw ay nauna nang naibahagi ang mga kailangan at kahalagahan ng pagsasanay sa loob ng tatlong araw, ganundin ang kasalukuyang programa ng Agri-Pinoy Rice Program, pagkontrol at pag-alam sa mga bagong pamamaraan sa pagsugpo ng peste at sakit na sumisira sa tanim.

Tinalakay sa ikalawang araw ang mga batayan kung paano maipapasa at magkakaroon ng magandang kalidad ng binhing palay at ang tamang sistema nito, mula sa pagtatanim hanggang sa pag-ani ng produksyon.

Sa huling araw ng pagsasanay, isasagawa ang tamang pamamahala at wastong nutrisyon ng natural na pagsasaka at tamang paghahanda sa lupang tatamnan

Ayon pa rin kay Miraña, hangad ng Department of Agriculture na mabigyan ang mga magsasaka ng tamang sistema sa pagpapatunay na ang kanilang binhing palay na naitanim ay mayroong kalidad at makilala sa ibang lugar at sa ibang bansa.

Tumanggap ang mga magsasaka ng mga patuyuan, imbakan at iba pang kailangan nila para sa produksyon ng magandang kalidad ng palay. (MAL/ROV/PIA 5-Camarines Norte)



# May ka"peace"tahan sa caravan!

May **ka"peace"tahan sa Multi-Services Caravan ng Pamahalaang Panlalawigan** na isinagawa noong Setyembre 21, sa barangay Lanot, Lalawigan at Hamaraon sa bayan ng Mercedes bilang pagtatampok ng selebrasyon ngayong buwan ng National Peace Consiousness Month alinsunod sa Proclamation No 675.

Sa tagubilin ng Office of Presidential Adviser on Peace Process (OPAPP) ang Setyembre 21 ay itinakda para sa pagdaraos ng gawaing tinatawag na **ka"peace" tahan** na kapapalooban ng mga serbisyong bayan booth. Halos katulad ito ng nakikita natin sa multi-services caravan ni Gobernador Egay Tallado na patok na patok sa mga mamamayan lalo na sa malalayong barangay.

Sa barangay Hamoraon ay isinagawa ang **Slogan Writing Contest** para sa mga mag-aaral sa paaralang elementary doon hatid ang tema na **"Ako, Ikaw, Tayo, Magkakaiba, Magkakaisa sa Kapayapaan.**

Nanguna si Anjola Faye Borromeo at nagkamit ng premyoP400; pangalawa si Julius Aquinde na may premyong P200 at pangatlo si Nicole Badocdoc na P200 naman ang premyo. Nakikipagtulungan ang DEPEd sa pamamagitan ni Dr. Manuel Obal, PSDS ng Mercedes District , sa gawaing ito.

Tampok naman sa multi-services caravan/Aprub Ka Egay Serbisyong Publikong Tunay ang libreng check up; libreng pagsuri ng dugo; libreng gamot; libreng pagbunot ng ngipin; pamamahagi ng tilapia fingerlings; pamamahagi ng butong pananim; libreng gupit/hot oil; libreng salamin at iba pa. Si Gng. Josie B Tallado, maybahay ng punong lalawigan ay namimigay din ng tsinelas sa mga bata at bag at school supplies sa mga day care children. *JAC*

**Lahat sama-sama**
**Isulong ang pagkakaisa**
**Upang tunay na kapayapaan**
**Atin nang matamasa**

ANG SLOGAN NA NANALO SA SELEBRASYON NG PEACE MONTH SA HAMORAON, MERCEDES



Kuha ang larawan sa ka"peace"tahan sa Caravan sa Lalawigan, Mercedes habang namimigay ng reading glass sa mga mamayan doon. Makikita si Gob. Tallado habang sinusukatan

# *Mensahe ni Gob...*

(Mula sa pahina 4)

**MANG LARANGAN NG ISPORTS, TALO MAN O PANALO, ANG LINGKOD BAYAN AY NAGSUSUMIKAP NA MAGING LAGING HANDA, MALAKAS, MATIBAY, MATIKAS, MABILIS, MARUNONG MAGPAKUMBABA AT NAKIKIISA SA LAYUNIN NG "MATUWID NA LANDAS".TAYONG MGA KAWANI AY SALAMIN NG CAM NORTENYONG BAYANI AT MARANGAL. AT SA TEMA NATIN NGAYONG TAON, *"KAWANI: IKAW AY ISANG LINGKOD BAYANI"* NANINIWALA AKO NA ANG BAWAT ISA SA ATIN AY NAGLILINGKOD SA BAYAN NG TAPAT AT NAGBIBIGAY NG ABOT-KAMAY NA SERBISYO SA LAHAT NG MAMAMAYAN MAGING VERY IMPORTANT PEOPLE MAN ITO O VERY ORDINARY PEOPLE, BANSAG NGA NI SECRETARY ALMENDRAS NG DEPARTMENT OF ENERGY. BILANG AMA NG ATING LALAWIGAN, NANINIWALA AKO NA TULAD NG MGA NATATANGING KAWANI NG PAMAHALAAN, ANG PANTAY-PANTAY NA PAGLILINGKOD SA ATING MGA KABABAYAN AY NARARAPAT AT TUNAY NA MAHALAGA.**

**HINDI LINGID SA INYONG LAHAT NA SA PANAHON NG AKING PANUNUNGKULAN BILANG GOBERNADOR, ANG ATING LALAWIGAN AY TUMANGGAP NG SEAL OF GOOD HOUSEKEEPING AWARD MULA SA DILG. TAYO PO ANG BUKOD TANGING PUNONG LALAWIGAN SA REHIYON NA NAGAWARAN NG PARANGAL NA ITO SA TAONG 2011. ITO AY IGINAGAWAD TAUN-TAON SA PAGKILALA SA LOKAL NA PAMAHALAAN NA MAHUSAY ANG PLANNING, BUDGETING, REVENUE MOBILIZATION, FINANCIAL MANAGEMENT, BUDGET EXECUTION, PROCUREMENT AND RESOURCE MOBILIZATION. PINAGSUMIKAPAN NG INYONG ABANG LINGKOD NA MAIHATID ANG TAPAT NA SERBISYO SA ATING MGA KABABAYAN AT SINIMULAN ANG MAAYOS AT TRANSPARENT NA PAMAMALAKAD.**

**ANG HAMON PO SA PAGGUNITA NG IKA-112TH NA ANIBERSARYO NG CIVIL SERVICE COMMISSION AY ANG PANINDIGAN ANG PRINSIPYO AT IDIYALISMONG TAPAT NA PAGLILINGKOD. ANG CIVIL SERVICE COMMISSION AY MAY MGA PARAAN NG PAGBIBIGAY NG GANTIMPALA PARA SA TAPAT NA PANUNUNGKULAN KATULAD NG SA DANGAL NG BAYAN AT PAG ASA AWARDS SUBALIT AKO AY NANINIWALA NA ANG PINAKA-DAKILANG PARANGAL PARA SA ISANG CIVIL SERVANT AY ANG TIWALA AT KUMPYANSYA NG MGA TAO SA ATIN HIGIT PA SA MGA GINTO O ANO MANG MEDALYON NG KARANGALAN.**

**BILANG MGA KAWANI NG ATING PAMAHALAAN, IPINANGAKO NATIN ANG TAPAT AT MATUWID NA PAGLILINGKOD SA ATING MGA MAMAMAYAN. PATULOY PO SANA TAYONG MAGSUMIKAP NA MAPANGHAWAKAN ANG TIWALA NG TAONG BAYAN SA PAMAMAGITAN NG MAAYOS, MABILIS AT MATAPAT NA PAGLILINGKOD.**

**MARAMING SALAMAT PO SA INYONG LAHAT SA PAKIKI-ISA SA PAGDIRIWANG NA ITO..... MAGANDANG HAPON AT MABUHAY ANGLAHAT NA MAGIGITING NATING LINGKOD BAYAN NA NAGSISILBI NG TAPAT SA ATING BAYAN!**

# Serye ng pagsasanay sa kawani ng gobyerno

Serye ng pagsasanay at pagbibigay impormasyon ang itinakda ng pamahalaang panlalawigan *sa magkakahiwalay na petsa* sa Audio-Visual Room (AVR)sa kapitolyo, sa pakikiisa sa Civil Service Commission Provincial Office para sa pagdiriwang dito ng *Civil Service Month* ngayong Setyembre.

Isinagawa noong Setyembre 17-18 ang *Appreciation Course on Recruitment and Selection for Personnel Selection Board (PSB)* na dinaluhan ng mga hepe ng mga tanggapan sa kapitolyo gayundin ang *personnel officer* ng bawat bayan ng Camarines Norte at ilang *national government agencies (NGAs)* ang pangunahing kalahok sa pagsasanay na nabanggit bilang sila ang mga taong may pangunahing kinalaman o ginagampanan sa pagpili ng sinumang itatalaga sa isang permanenteng posisyon sa gobyerno. Si Ms. Lara Karen Y. Lee at Ms. Rosalinda V. Moneda ng *Civil Service Commission Regional Office 5 (CSC RO5)* ang tagapagsanay sa mahahalagang paksa tulad ng *Job Analysis*; *Composition and Roles of the PSB*; *Publication of Vacancies*; *Selection and Assessment (Methods and Techniques)*; *Background Investigation*; *Assessment Result*, at *Appointment*.

Sa Oktubre 24-26, 2012 ay nakatakda naman ang *Administrative Discipline Training/ Seminar.*

Ngunit bago pa man ang pagdiriwang ng anibersaryo ng serbisyo sibil ay nauna na ang dalawa pang seminar. Ito ay ang *Enhancement Course on Leave Administration (ECLA)* noong Hulyo 31-Augsut 2, 2012 na dinaluhan ng 30 kawani at Strategic Planning on Management System noong Agosto 8-9, 2012 na dito ay 30 kawani din ang dumalo na pawing mga kumatawan sa kani-kanilang tanggapan.

Sa pamumuno ni *PHRM Officer* Magdalena B. Toledana, pinangasiwaan ng *Provincial Human Resource Management Office (PHRMO)* ang nasabing serye ng mga pagsasanay. **JAC**




# *Peace...*

(Mula sa pahina 8)

ilalim ng PAMANA at ang mga gawain ng pamahalaang panlalawigan ukol sa Peace Month.

Kaugnay nito, ka"peace"tahan sa Caravan ang tema ng Multi services caravan sa Setyembre 21 sa 3 barangays sa Mercedes—Lanot, Lalawigan at Hamoraon. **JAC**




## PLEDGE OF PEACE

**I will work towards peace through my own goals and initiatives starting with my thoughts and actions.**

**I will promote a culture of non-violence in my daily life and contribute in developing a progressive country.**

**I will contribute in building a better future for Filipinos and I promise to do my best to achieve these goals through peaceful means.**

**I pledge to support peace in every way possible for I am and will always be a Filipino for a just and lasting peace'**

**I am a Filipino and I am for Peace.**



# CIVIL SERVICE MONTH

Susog sa Atas Tagapagpaganap Blg. 2012-10 ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado itinakda ang mga programa at gawain sa Camarines Norte para sa ika-112 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas ngayong buwan ng Setyembre.

Noong Setyembre 3 ay sinimulan ang isang pagdiriwang sa pamamagitan ng Flag Raising Ceremony na pinangunahan ni Gng. Cecilia Balmaceda, CSC Acting Provincial Director At PNP Provincial Director Lt. Col. Jose Capinpin. Naroon din sina Board Members Pol Gache, Romeo Marmol at Teresita Malubay, Mayor Nelson P. Delos Santos ng San Lorenzo Ruiz, Mayor Ronnie Magana ng Talisay, ang bagong presidente ng Camarines Norte State College na si Dr. Monsito Ilarde atbp.

Matapos ang flag raising, ay sinunod ang pagbubukas ng inter-agency tournament na isinagawa sa Camarines Norte Agro-Sports Center.

Sa ganap na alas 4 ng

(Sundan sa pahina 5)


Flag Raising Ceremony


Thanksgiving Mass



Penlight Parade

# PEACE Month


G. Joey Boma, Executive Asst. IV/Provincial Administrator

Ipinagdiriwang din ng buong bansa ngayong buwan ng Setyembre ang National Peace Consciousness Month alinsunod sa Proclamation No 675.

Sa pagbubukas na programa noong Setyembre 3 ng Civil Service Month Celebration ay binigyan puwang din ang "peace month". Pagkatapos ng flag raising ceremony ay binigkas ng sabay-sabay ng mga kawani at opisyal ang harmony Prayer at Pledge for Peace. Binasa naman ni G. Joey Boma, Executive Asst. IV/Acting Provincial Administrator ang Message for Peace ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Dumating din sa lalawigan si G. Paul Escober ng Office of the Presidential Affairs on Peace Process (OPAPP) at nakipagpulong kamakailan kay Gob. Edgardo A. Tallado at mga kasapi ng Provincial Peace and Order Council. Tinalakay ang mga proyektong isinusulong ng pamahalaan sa

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# PDRRMO, PG-PENRO atbp kinilala "Kawani Ikaw ay Isang Lingkod Bayani"

Sa ilalim ng pambansang tema ng pagdiriwang na, "Kawani, Ikaw ay isang Lingkod-Bayani" ay binigyan pagkilala at parangal ang mga natatanging tanggapan, mga nagretiro sa serbisyo at mga kawani na sa loob ng nakalipas na 25 taon ay tuloy- tuloy ang serbisyo publiko.

Ang Provincial Disaster and Risk Reduction Management Office na pinamumunuan ni Dr. Carlos Galvez ay kinilala bilang Outstanding Provincial Office dahil ang tanggapang ito ang nasa likod ng pagkapanalo ng Camarines Norte bilang BEST PROVINCIAL DISASTER & RISK REDUCTION MANAGEMENT COUNCIL.

Ang mga Tanggapan ng Provincial Asssessor sa pamumuno ni Ms. Annabel Defeo; Provincial Accounting Office sa pamumuno ni Ms. Myrna Sendon, Provincial Treasurer's Office sa pamumuno ni Ms. Lrona Coreses at Provincial Environment and Natural Resources ng pamahalaang panlalawigan sa pamumuno ni Engr. Leopoldo Badiola ay kinilala din bilang mga Outstanding Provincial Government Offices dahil sa pamamagitan ng kani-kanilang tanggapan at mga masisipag na kawani ay

(Sundan sa pahina 4)



Provincial Disaster & Risk Reduction Management Office



PG-PENRO